Advisory No. 152, s. 2017
Hulyo 7, 2017
Ayon sa pagpapatupad ng DepEd Order (DO) No. 8, 2013
ang *Advisory* na ito ay hindi pag-eendorso, ayon naman sa DO 28, s. 2001,
ito ay isang impormasyon lamang para sa mga opisyal
at kawani ng Kagawaran ng Edukasyon, at ng mga mamamayan.
(Visit www.deped.gov.ph)

TIMPALAK USWAG DARËPDËP NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay magdaraos ng ikatlong serye ng *Timpalak Uswag Darëpdëp* simula sa ika-13 ng Hunyo 2017 hanggang ika-1 ng Pebrero 2018.

Ang kategorya ng Timpalak para sa taong 2017-2018 ay pagsulat ng tula at maikling kuwento sa wikang *Pangasinan*, *Maguindanao*, *Chavacano*, at *Hiligaynon*. Ang mga magwawagi ay pagkakalooban ng mga papremyong *cash* at plake/medalyon ng KWF.

Ang layunin ng Timpalak ay ang mga sumusunod:

1. payabungin ang produksiyong pampanitikan ng mga rehiyon;
2. makatuklas ng mga kabataang manunulat;
3. maitanghal ang kontemporaneong panitikan ng mga rehiyon; at
4. palakasin ang mga katutubong wika bilang kasangkapan sa pagtataguyod ng programa sa *Mother Tongue Based-Multilingual Education (MTB-MLE)* ng DepEd.

Hinihikayat ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa antas ng elementarya at sekondarya sa mga pampubliko at pampribadong paaralan mula sa Rehiyon I, VI, IX at *Autonomous Region of Muslim Mindanao* (ARMM).

Ang patakaran sa partipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nasasaad sa *DepEd Order No. 9, s. 2015* na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith*

Para sa karagdagang impormasyon, maaaring tumawag o makipag-ugnayan kina:

- Benjamin M. Mendillo Jr. Ph.D.
  Puno, Sangay ng Salin
  Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)
  2/P Gusaling Watson, 1610 Kalye J. P. Laurel
  San Miguel, Maynila
  Telepono: (02) 243-9789
  Email: pagsasalin101@gmail.com
  Website: www.kfw.gov.ph

- Gng. Edna R. Aquino
  Facilitator, Uswag Darëpdëp 2018
  Email: ednaaquino96@gmail.com
  komisyonsawikangfilipino@gmail.com

mvec: DA – Timpalak Uswag Darëpdëp ng KWF
0481 – Mayo 31/Hunyo 6/ Hulyo 5, 2017